

Editoryal

## Gloria Arroyo—tuta na, manhid pa

asuka-suka at kasuklam-suklam ang ipinakitang sukdulang pagpapakatuta ni Gloria Arroyo sa kanyang imperyalistang amo nang bumisita siya sa US nitong huling linggo ng Hunyo. Sa kasagsagan ng pananalasa ng bagyong "Frank" sa Pilipinas, nilustay ni Arroyo ang kabang-yaman ng bayan sa walang kapararakan, magastos at magarbong pagbyahe. Malawakang galit at kaliwa't kanang batikos ang

inudyok ng labis niyang pagwawalambahala sa kapakanan ng nagdurusang mamamayang Pilipino.

Sinikap pigain ni Arroyo ang anumang makakatas
pa mula sa pakikipagkita niya sa kanyang among si
George W. Bush na tulad niya'y nasa dapithapon na ang
kapangyarihan. Nag-abuloy ang
kanyang amo ng kakarampot na
\$100,000 at ipinadala ang nukleyar
na barko-de-gerang USS Ronald
Reagan bilang tulong umano ng
US sa mga biktima ng bagyong
"Frank" at paglubog ng pampasaherong barkong MV Princess of the
Stars.

Ngunit ang higit pang pinuntirya ni Arroyo sa pagpunta sa US ay ang maagang paglalangis sa dalawang pangunahing kandidato sa eleksyong presidensyal doon ngayong taon—sina John McCain ng Republican Party ni Bush at Barack Obama ng oposisyong Democratic Party. Sa pilit na paghahabol na mapaunlakan siya ng mga ito, animo'y langaw si Arroyo na sunod nang sunod kung saan may naaamoy na pagkain. Samantala, sige naman ang iwas ng dalawang kandidato sa kanya. Bandang huli ay pinaunlakan na lamang siya ng sulat at maigsing tawag sa telepono ni Obama at saglit na pakikipagkita ni McCain.

Sa Nobyembre pa ang eleksyong presidensyal sa US, pero ngayon pa lamang ay humihimod na si Ar-



Mga tampok sa isyung ito...

17 armas nasamsam ng BHB sa mga reyd PAHINA 5

Kampanyang literasiya sa gitna ng digmaan PAHINA 7 Ikatlong asembliya ng ILPS, idinaos

PAHINA 11

sinumang mananalo sa kanila. Umaasa si Arroyo na susu-portahan ng mga ito ang kanyang pagkapit sa poder lagpas pa sa 2010.

Habang nagliliwaliw at naglulustay ng yaman ng bansa sa US, sinasalanta ng bagyong "Frank" ang milyun-milyong mamamayan at buong lupit na humahagupit ang krisis sa ekonomya. Manhid siya sa matindi at malawakang puna ng mamamayan sa ginastos na mahigit \$1.5 milyon (katumbas ng P65 milyon) sa byahe. Bitbit niya ang kanyang buong pamilya—mga anak, manugang, apo at yaya nila, at mahigit 70 alipures—10 kalihim ng gabinete, 59 kongresista, isang senador, kasama ang mga asawa nila at marami pang mga alalay. Walang alintanang nagpakasasa sila roon sa mga mamahaling hotel, restoran, eksklusibong jet at mamahaling kotseng de-tsuper. Umupa pa sina Arroyo ng mamahaling mga kumpanyang public relations para magpaganda ng imahe habang naroroon.

Balak pa nga sana ni Arroyo mismo na sumama sa mga alipures niya hanggang Las Vegas, Nevada para manood roon ng boksing, kung hindi lamang siya napigilan ng antimano'y pag-ulan na ng mga batikos.

Para magmukha pa ring may pagmamalasakit at may ginagawa siya para sa mga biktima ng bagyo at pagkalunod ng barko, kunwa'y siya pa rin ang nangangasiwa sa gawaing *relief* sa pamamagitan ng pakikipagpulong sa kanyang mga tauhan sa pamamagitan ng telepono. Nagpakitang-gilas pa siya sa harap ng masmidya nang pagsasabunin niya ang kanyang mga nakabababang upisyal.

Ang mga ito'y pawang mga palabas na lamang ni Gloria Arroyo para mapagtakpan ang katotohanan—na siya'y sagad-sagarang papet ng imperyalismong US at puno ng katiwalian, kapalaluan at kabulukan. Kitang-kita ng buong bayan na wala siyang ibang interes kundi ang mangayupapa sa imperyalistang amo, tiyakin ang suporta nito sa kanya, magpakasasa sa katas ng pagsasamantala nila sa bayan at patuloy na apihin ang mamamayan, habang buong lupit na nagwawalambahala at nagpapasahol pa sa paghihirap at pagdurusa ng sambayanang Pilipino.



Taon XXXIX Blq. 13 Hulyo 7, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

#### Editoryal

Arroyo—tuta na, manhid pa	1
Protesta sa pagbisita sa US	2
Panghihimasok ng US	3
Suporta ni Obama kay Arroyo	3
PKP, BHB at bagyong "Frank"	4
Matatagumpay na TO	5
Kampanyang literasiya	7
RCTU, magsasampa ng kaso	8
Kontra OceanaGold	9
Pagtutol kontra-mina	10
Ika-3 asembliya ng ILPS	11
Pananalanta ng estado	12
Balita	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Arroyo, sinalubong ng protesta sa US

Pinangunahan ng iba't ibang organisasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan-USA (BAYAN-USA) ang mga kilos-protesta nang dumating si Arroyo sa US noong Hunyo 20. Nagpiket ang mga migranteng Pilipino sa mga syudad at lugar na binisita ni Arroyo, kabilang na ang Washington DC at New York City.

Ipinakita ng mga Fil-Am ang kanilang galit sa korapsyon ng rehimeng Arroyo, paglabag sa karapatang-tao at presensyang militar ng US sa Pilipinas.

Tinutulan nila ang pamumuno ni Arroyo at isinisi sa kanya ang patuloy na paghihirap ng mga pamilyang naiwan nila sa Pilipinas.

Binatikos nila ang ayudang militar na ibinibigay ng US sa rehimeng Arroyo na ginagamit sa kampanya ng panunupil—mga pagpatay, pagdukot at iligal na pag-aresto sa kanyang mga kritiko upang mapanatili ang sarili sa kapangyarihan.

Binatikos din ng BAYAN-USA ang pagiging pabaya ni Arroyo sa pananalasa ng bagyong "Frank" sa bansa. Mas inuna pa raw ni Arroyo na maglibang sa US at magbakasyon habang daan-daang libong mamamayan ang sinalanta sa Western Visayas at umaabot na sa 500 ang nasawi sa paglubog ng MV Princess of the Stars malapit sa isla ng Romblon.

# Kalamidad, sinasamantala ng US para makapanghimasok

Muli na namang isinangkalan ng imperyalismong US ang salantang dulot ng bagyo sa Pilipinas upang ibayo pang makapanghimasok sa teritoryo ng bansa. Sa utos ni Pres. George W. Bush ng US, pumasok sa karagatan ng Pilipinas nitong Hunyo 26 ang USS Ronald Reagan, isang barko-de-gera na may armas nukleyar. Maghahatid diumano ito ng relief goods sa mga sinalanta ng bagyo sa Panay.

Buung-buong tinanggap ni Gloria Arroyo ang pagpasok ng barkong US, bagay na labag sa sariling konstitusyong nagbabawal sa pagpasok ng anumang armas nukleyar sa bansa. Bukod sa tuta nilang si Arroyo, walang naniwala sa pahayag ni US Ambassador Kristie Kenney na walang dalang armas nukleyar ang USS Ronald Reagan.

Ayon din kay Sen. Rodolfo Biazon, dating AFP chief of staff, wala namang magagawa ang isang barkong pangkombat tulad ng USS Ronald Reagan sa pagsalba sa mahigit 800 pasahero ng MV Princess of the Stars na tumaob noong kasagsagan ng bagyo. Hindi rin angkop ang mga F-18 fighter jet na lulan ng barko-de-gera ng US para maghatid ng relief goods.

Dati nang gawi ng US ang pagsasangkalan sa mga sakuna para makapagpapasok ng mga tropang pangkombat nito sa iba't ibang lugar sa Pilipinas, laluna kung saan may kumikilos na mga rebolusyo-

naryong pwersa. Nagpadala ito ng mga sundalo sa St. Bernard, Southern Leyte noong Pebrero 2006 nang masalanta ito ng pagguho ng lupa. Bago ito, nagpadala rin ang US ng mga tropang Amerikano sa Quezon at Aurora noong 2004 sa mga lugar

na nabiktima rin ng bagyo, baha at pagguho ng lupa. Layunin ng US sa pagpapadala ng umano'y mga humanitarian mission sa gayong mga lugar ang paghahanda para sa higit pang interbensyong militar, kabilang ang pamilyarisasyon sa lugar, paniniktik, saywar at iba pang tuso at kontra-rebolusyonaryong pakay. Ani Prof. Jose Ma. Sison, tagapangulo ng International League of Peoples' Struggle, kung totoong kawanggawa lamang ang layunin ng US, ang dapat nitong ipadala av ang American Red Cross imbes na mga tropang pangkombat.



# Pagsuporta ni Obama kay Arroyo, binatikos

**B**inatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) si Sen. Barack Obama, kandidato ng Democratic Party sa pagkapangulo ng US dahil sa pagsuporta niya sa Balikatan *exercises* at panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas. Anang PKP, ang pahayag na ito ni Obama ay nagpapatunay lamang na sinuman ang magiging kapalit ni Bush bilang pangulo ng US ay walang maaaring asahang esensyal na pagbabago sa patakaran at pagtrato ng US sa Pilipinas.

Ayon sa PKP, maaga pa lamang ay ipinakita na ni Obama na wala siyang pinagkaiba kay George W. Bush at maging sa kapwa niya kandidatong si Sen. John McCain ng namumunong Republican Party kaugnay ng pagkontrol at panghi-

himasok-militar ng US sa mga malakolonya tulad ng Pilipinas.

Sa ipinahayag na suporta ni Obama sa Balikatan, lubos na binalewala niya ang mga teroristang kahayupan ng rehimeng US-Arroyo at madugong rekord nito ng mga paglabag sa karapatang-tao sa ngalan ng "gera laban sa terorismo" ng US. Binalewala rin niya ang sariling mga paglabag ng US sa karapatang-tao, mga krimen nito laban sa mamamayang Pilipino at panghihimasok-militar nito sa teritoryo ng Pilipinas.

Anang PKP, sa pamamagitan ng Balikatan at ng pagpopondo ng US sa AFP, tinatangkilik ng US ang pasistang kontra-rebolusyonaryong gera sa Pilipinas. Sinusuhayan ng US ang papet na estado sa Pilipinas sa pagpapatindi nito ng digma laban sa mamamayang naggigiit na tapusin na ang imperyalistang dominasyon at panghihimasok ng US.

# BHB at PKP, tutulong sa mga biktima ng bagyong "Frank"

Tanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa na pinamumunuan nito na gawin ang lahat ng posibleng paraan para matulungan ang mga napinsalaan, nasugatan at namatayan dulot ng bagyong "Frank." Inatasan nito ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), laluna sa Eastern Samar at Panay, na maglunsad ng gawaing "rescue, relief and rehabilitation".

Hinagupit ng bagyong "Frank" ang bansa noong Hunyo 21 at 22 at sinalanta nito ang 4,000 barangay, 366 bayan, 37 syudad, 48 prubinsya at 15 sa 16 na rehiyon. Pagsapit ng Hunyo 28, may naitala nang 540 kataong namatay, 41 nawawala (bukod pa sa mahiqit 800 pasahero at tripulante ng tumaob na MV Princess of the Stars) at 175 nasugatan. Halos apat na milyong mamamayan naman ang naapektuhan, na karamiha'y nawalan ng mga tirahan sa Western at Eastern Visayas. Tinatayang umabot sa ₱12 bilyon and nasirand mga ari-arian, agrikultura at imprastruktura.

Sa harap ng kalunus-lunos na kalagayang ito, nagpaabot ng paki-kidalamhati ang PKP sa milyun-milyong mamamayang nabiktima ng bagyo. Karamihan sa mga nasalanta ay mga magsasaka, mangingisda at ordinaryong mamamayang bulnerable sa mga pinsalang dulot ng mga bagyo at iba pang kalamidad bunga ng kanilang kahirapan, kapabayaan ng gubyerno at kawalang-pagpapahalaga sa kapaligiran.

Ang ugat ng malawakang kalamidad na ito ay ang deka-dekadang talamak na komersyal na pagmimina at pagtotroso. Partikular sa Panay, malaki ang idinulot na pinsala ng paghahawan nitong nagdaang mga taon ng natitira pang kagubatan upang matamnan ng hybrid na mais.

Nagbubunga ito ng mga malawakan

at biglaang pagbaha kagaya ng nangyari sa Western Visayas, kung saan nalubog sa tubig ang halos buong isla ng Panay. Di rin bababa sa 400 pagguho ng lupa ang naiulat sa isla.

Dapat papanagutin ang rehimeng US-Arroyo sa pagkawasak ng kapaligiran bunsod ng patakaran nito ng malawakang pagmimina, pagtotroso at pagbaling ng kagubatan at lupaing agrikultural tungong plantasyon ng mga tanim na pangeksport. Binatikos din ng PKP ang mga may-ari ng Sulpicio Lines na siyang responsable sa paglubog ng MV Princess of the Stars sa karagatan ng Romblon noong Hunyo 22 dahil pinahintulutan nitong maglayag ang barko.

Unilateral na tigil-putukan sa Panay. Sa Panay, nagdeklara rin ng unilateral na tigil-putukan ang panrehiyong pamunuan ng Partido sa isla upang magsagawa ng relief and rehabilitation ang mga pwersa nito, kabilang ang

mga yunit ng BHB. Ayon kay

Ka Concha Araneta, ta-

gapagsalita ng Partido

sa isla, ipatu-

tupad

ang direktibang ito sa loob at labas ng sonang gerilya sa apat na prubinsya ng Panay hanggang Hulyo 8. Bukas na palawigin pa ang tigil-putukan batay sa pagtatasa ng panrehiyong liderato ng Partido dahil sa Visayas, ang Panay ang pinakamatinding napinsala ng bagyong "Frank."

Gayunpaman, hindi nagdeklara ng tigil-putukan ang pamunuan ng 3rd Infantry Division ng Philippine Army na nakahimpil sa Jamindan, Capiz. Ani Brig. Gen. Nestor Ochoa, hepe ng 301st Bde, ang pangunahing katungkulan nila ay *internal security operations* (ISO). Patuloy ang kanilang paglulunsad ng operasyong militar bagamat inatasan na umanong tumulong ang mga tropa nila sa mga sinalanta ng bagyo.

Nagbabala ang tagapagsalita ng Partido sa Panay na magpapaputok din ng kanilang mga sandata ang mga Pulang mandirigma kung sila'y aatakehin ng mga sundalo ng gubyerno, mga pulis, mga paramilitar at elemento ng bandidong Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB).

Arroyo, inulan ng batikos. Samantala, inulan ng batikos si Gloria Arroyo dahil sa kanyang lantarang pagpapabaya at pagwawalambahala sa mga nasalanta ng bagyo. Tumulak ang pekeng presidente noong Hunyo 20 patungong US sa kabila ng nakaambang paghagupit ng





hindi niya pinutol ang 10-araw na pagliliwaliw doon kasama ang mahigit 70 alipures niya kahit nakarating na sa kanya ang mga ulat ng malawakang pinsala.

Matinding batikos din ang natanggap nina Arroyo mula sa mga lider ng simbahang Katoliko, kabilang sina Bishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines; Bishop Oscar Cruz; at Cardinal Gaudencio Rosales. Partikular nilang tinuligsa ang mga alipures ni Arroyo na mas nagkandarapang manood ng boksing ni Manny Pacquiao sa Las Vegas, Nevada kaysa umuwi sa Pilipinas para tulungan ang mga biktima ng bagyong "Frank."

Pagdating ni Arroyo sa Pilipinas noong Hulyo 1 ay wala siyang ibang ginawa kundi utos dito-utos doon at ang pampublikong pagkastigo sa kanyang mga tauhan para mapagtakpan ang sariling pagpapabaya. Bistadong-bistado pampabango lamang ito. Sa Panay, kung saan pinakamatindi ang naging pinsala, ipinatigil ni AFP Chief of Staff Alexander Yano ang paggamit ng mga helikopter ng militar para sa nakatakdang relief and rehabilitation operations ng Philippine Army sa katimugang Iloilo noong Hunyo 28 dahil hindi pa umano dumarating ang mga very important person (VIP)—ibiq sabihi'y wala pa si Arroyo. Ito'y kahit mahigit isang linggo nang walang naibibigay na tulong ang pambansang pamunuan sa isla.

Samantala, sinalubong si Arroyo ng protesta ng daan-daang mga residente ng bayan ng España, sa isla ng Sibuyan sa Romblon, nang bumisita siya sa prubinsya nitong Hulyo 1. Binatikos ng mga residente ang pagmimina na tinukoy nilang dahilan ng mga baha mula sa Mt. Guiting-Guiting. Hinarang ng mga pulis ang martsa ng mga residente para hindi makaabot sa kinaroroonan ni Arroyo.

# 17 armas, nasamsam ng BHB sa mga reyd

abimpitong armas ang nasamsam ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa apat na magkakahiwalay na reyd sa Surigao del Norte, Davao Oriental at Compostela Valley nitong Hunyo 28 at Hulyo 3.

Sa Davao Oriental, anim na ripleng M16, dalawang 9 mm na pistola at isang .22 kal. rebolber ang nasamsam ng BHB nang salakayin nito ang istasyon ng pulis sa bayan ng Banay-Banay, Davao Oriental bandang alas-9 ng umaga nitong Hulyo 3. Dala-dala ang mga plakard na mayroong antiqubyernong mga islogan, mistulang nagdedemonstrasyong mga magsasaka ang mga pwersang gerilya sa harap ng munisipyo ng Banay-Banay. Mabilis na nakontrol ng BHB ang istasyon sa kabila ng paglaban ng mga pulis na naroon noon.

Nauna rito, magkasabay na sinalakay ng mga pwersang gerilya ng BHB noong umaga rin ng Hulyo 3 ang dalawang *mining tunnel* sa Diwalwal, Compostela Valley ang Azarez at JB Management Corp. Dinisarmahan ng BHB ang mga pulis na nagbabantay sa naturang mga *tunnel*.

Sa Surigao del Norte, di bababa sa walong armas ang nasamsam ng BHB nang halos sabayan nilang salakayin ang mga istasyon ng pulis sa mga bayan ng General Luna at Dapa sa Si-

argao Island noong Hunyo 28, alas-10:30 ng qabi.

Ang unang pag-

salakay ay isinagawa ng BHB sa General Luna. Lulan ng mga *pump boat* ang mga sumalakay sa istasyon ng pulis. Nakontrol ng BHB ang istasyon at nasugatan dito ang isang lumabang pulis.

Pagkatapos nito, sinalakay ng BHB ang istasyon ng pulisya sa bayan ng Dapa, mga 15 minuto ang layo kapag sakay ng *pump boat* mula sa bayan ng General Luna. Dito'y isa pang yunit ng BHB na lulan ng tatlong *van* ang sumanib sa naunang sumalakay.

Nakontrol ng mga pwersang gerilya ang istasyon ng pulisya at napasuko ang anim na pulis. Nasamsam dito ng BHB ang tatlong M16, apat na .45 kal. pistola, isang 9 mm na pistola, mga bala at uniporme.

Bago sila umalis, itinaas ng mga pwersang gerilya ang bandila ng Partido Komunista ng Pilipinas sa *flagpole* ng munisipyo at namudmod sila ng mga rebolusyonaryong babasahin.

Kinabukasan, inambus ng mga Pulang mandirigma sa bayan ng Claver sa mainland ng Surigao del Norte ang rumespondeng mga elemento ng Regional Mobile Group. Namatay sa pananambang ang dalawang pulis, kabilang si P/Chief Insp. Ricky Arado. Dalawa pang elemento ng 30th IB ang namatay nang makasagupa ng BHB ang mga tumutugis sa kani-

lang pwersa ng AFP. Taliwas sa ipinagkakalat ng AFP na umabot sa 18 gerilya ang namatay sa mga operasyong pagtugis nito, nakaatras ang mga gerilya nang walang kahit isang kaswalti.



at 6th Special Forces sa ervang

### Taktikal na opensiba sa Negros laban sa pagmimina at eko-turismo

Tsang walang putok na reyd ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Maricalum Eco-Port sa Barangay Maricalum, Sipalay City noong Hunyo 8, bandang alas-8:30 ng umaga. Nasamsam mula sa mga gwardya ang isang *shotgun*, isang .38 kal. rebolber, isang radyong VHF at iba pang kagamitan.

Ang reyd ay pagsuporta ng BHB sa paglaban ng mamamayan sa napipintong pagpasok sa lugar ng apat na korporasyon sa mina—ang Philex, Colet, Maricalum at Vulcan—at paggamit ng baybaying dagat dito para sa proyektong ekoturismo.

Bunga ng proyektong eko-turismo, tinatayang daan-daan hanggang libu-libong pamilyang naninirahan sa baybayin ang mabibiktima ng dislokasyon. Pagbabawalang mangisda ang mahihirap na mamamalakaya at mawawasak ang mga sakahan. Di lamang mga mangingisda sa Maricalum ang apektado ng pagbabawal kundi mga mamamalakaya sa mga barangay ng Cayhagan, Talacagay, Nauhang, Nabulao, 4 at 5 ng Sipalay City.

Pinangangambahan din ang ibayong pagkalat ng prostitusyon bunga ng eko-turismo. Sa ngayon ay bantog na ang Sipalay sa laganap na prostitusyon na ibinunsod ng mga proyektong pang-eko-turismo ng rehimeng Arroyo at ng lokal na pamahalaan. Mismong si Gloria Arroyo ang nag-endorso ng eko-turismo sa Sipalay nang bumisita siya rito at nag-scuba diving noong Mayo 21.

Samantala, ang mga baybaying ito, sampu ng mga bulubunduking barangay ay maaapektuhan ng lason mula sa mga minahan. Mabibiktima rin ng dislokasyon ang mga naninirahan sa mga liblib na baryo na apektado ng mga operasyon ng

mga minahan.

Group

Para supilin ang mga mamamayang tumututol sa mga proyektong eko-turismo at minahan, itinalaga ang 320th Bde, 61st IB, PNP Regional Mobile

sumasaklaw sa Sipalay (ang Southwestern Negros kinabibilana ngan ng Candoni, Hinobaan, Iloq, Cauayan, Kabankalan at Sipalay). Naging mas mabangis ang mga yunit militar na ito ilalim ng Oplan Bantay Laya 2 laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusang nangunguna sa mga kampanya laban sa mga antimamamayang programa ng rehi-

Reyd sa Dapa, Surigao del Norte, isang aksyong pamarusa—BHB

Ang reyd ng Bagong Hukbong Bayan sa istasyon ng PNP sa Dapa, Surigao del Norte ay aksyong pamarusa sa pulisya at despotikong meyor ng Dapa na si Peter Boy Ruaya dahil sa kanilang mga kasalanan sa bayan. Inihanay ng BHB-Surigao del Norte ang sumusunod na mga krimen nina Ruaya at kanyang mga pulis:

- Pag-agaw sa 160 ektaryang lupain mula sa maralitang mamamayan;
- Pagkalakal ng mga iligal na droga tulad ng shabu;
- Pagpapatakbo ng mga iligal na sugal tulad ng Swer-tres at iba pa;
- Marahas na pagpapalayas at pangingikil sa maliliit na manininda qamit ang mga pulis;
  - Panunupil sa ilang negos-

vante;

meng Arroyo.

- Pagmamantini ng mga armadong kriminal na *goons* na nahatulan na sa kasong pagpatay tulad nina Yayong Dulguime at Eming Langres;
- Pagpapalayas sa mga empleyado nang walang sapat na batayan at pagpapapasok kapalit nila ng malalapit na kaibigan.

Anang BHB-Surigao del Norte, ang taktikal na opensiba sa Dapa ay mahigpit na babala sa masasamang elemento at mga abusadong upisyal ng gubyerno tulad ni Ruaya na naghahasik ng terorismo sa mamamayan. Anito, ang BHB, na siyang tunay na mga sundalo ng mamamayan, ay maglulunsad pa ng mga taktikal na opensiba para ipagtanggol ang interes ng malawak na sambayanan.

# Kampanyang literasiya sa gitna ng digmaan

Isang kampanyang literasiya at numerasiya ang isinasagawa sa isang larangang gerilya sa Southern Tagalog. Inilunsad ito upang bigyan ang mga Pulang mandirigma ng saligang kakayahang magbasa, magsulat at magbilang, na saligang pangangailangan para sa pag-unawa at paggagap ng mas malawig na teoretikal na pag-aaral at iba pang intelektwal na kaalaman.

Tulad ng kaso sa karamihan ng mga yunit ng BHB, mayorya ng mga mandirigma sa larangang ito ay nagmula sa pinakamababang saray ng uring magsasaka, ang maralitang magsasaka. Iilan lamang sa kanila ang nakapagtapos ng elementarya. Ang iba'y di man lamang nakatuntong ng eskwelahan kaya hindi sila marunong magbasa o magkwenta.

Gayunpaman, sa tulong ng rebolusyonaryong kilusan, lubos nilang nauunawaan ang ugat ng kanilang kahirapan. Determinado silang balikatin ang mga rebolusyonaryong tungkulin para pawiin ang pang-aapi at wakasan ang mapagsamantalang sistema. Subalit dahil sa kanilang limitasyon sa pagbabasa, nalilimitahan din ang kanilang kakayahan sa paggampan ng iba't ibang tungkulin sa pagpapalakas ng hukbo, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Isang programang panliterasiya at numerasiya ang binuo ng pamunuan ng platun upang harapin ang sitwasyong ito. Layunin nitong turuang magbasa, magsulat at magkwenta ang mga mandirigma, at sa proseso ay mapaunlad sila, mabuo ang tiwala sa sarili at mapalakas ang kakayahan sa gawaing edukasyon at propaganda.

Sinimulan ito sa pamamagitan ng isang sentralisadong pag-aaral. Natukoy dito ang walong mag-aaral na hinati sa dalawang antas. Ang mga mag-aaral sa unang antas ay di nakatuntong sa paaralan. Binuo ang kanilang programa ng pagkilala sa mga letra at numero at kung paano magbasa, magsulat at magkwenta.

Ang mga mag-aaral naman sa ikalawang antas ay nakatuntong sa eskwelahan pero di nakatapos. Marunong nang magbasa, magsu-

lat at magkwenta ang mga nasa lebel na ito pero kailangan pang magsanay. Tinuruan din sila ng tamang pagbaybay sa mga salita. Naging mahalagang babasahin nila ang mga isyu ng *Ang Bayan* at iba pang rebolusyonaryong babasahin. Ang mga naging instruktor dito ay mga kasama rin na mas mataas ang antas na inabot sa paaralang burges. Nakapagtapos sa hayskul ang mga instruktor at mayroon ding nakatuntong sa kolehiyo.

Noong simula, di naman nahirapan ang mga kasama na kumbinsihin ang mga kulang sa literasiya at numerasiya upang mag-aral. Pero may ilang mga mag-aaral, laluna sa unang antas, ang napanghinaan ng loob nang humarap na sa mga kahirapan sa pag-aaral. Hindi sila sanay na humawak ng lapis at bolpen. May ilan namang nagsasabi na sumasakit ang ulo sa pag-iisip at pagkabisa. Sa ganitong pagkakataon, nagkaroon ng isa-isang pagtutok at pagkumbinsi sa mga kasamang nahihirapan.

Dahil bago sa ganitong gawain, nahirapan din ang mga instruktor sa proseso ng pag-aaral. Naging pleksible sila sa pagbabalangkas ng programa batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral at kung ano ang angkop sa kanilang gawaing pampulitika sa araw-araw. Ang mga leksyon ay inilalapat sa araw-araw na gawain ng mga kasama, tulad halimbawa ng pagkwenta ng pinansya ng yunit o paggawa ng ulat hinggil sa kilos ng kaaway. Nagkaroon muna ng talakayan ang mga kasama para sa mga aralin. Gumawa rin ng *lesson plan* ang mga instruktor.

Araw-araw ang pag-aaral—ang unang lebel ay sa umaga at ang ikalawa naman ay sa hapon. Umaabot ng tatlo hanggang apat na oras ang bawat sesyon. Bago matapos ang klase, nagbibigay ng takdang aralin ang mga instruktor. Sinasagot ito sa klase kinabukasan. Nagkakaroon din ng pagsusulit pagkatapos ng isang *lesson* upang mataya ang natutunan ng mga magaaral. May maiikli at may mahahabang pagsusulit.

Bawat mag-aaral ay may probisyon ng mga gamit sa pag-aaral tulad ng papel, notbuk, lapis at bolpen. Gumamit din ng A-Ba-Ka-Da at *flash card* ang nasa unang lebel. May tig-iisang pisara rin ang mga mag-aaral upang pagsanayan kahit wala sa paaralan.

Ang mga kasamang hindi kasali sa pag-aaral ay nabigyan din ng tungkulin. Sila ang tumulong sa paggawa ng mga biswal at takdang aralin ng mga mag-aaral. Nagbibigay sila ng payo sa mga mag-aaral kapag humaharap sa ilang problema sa pagkatuto.

Pagkaraan ng isang buwan ay muling nagdispers ang yunit sa iba't ibang baryo para sa gawaing masa. Dahil hindi na maisasagawa ang regular na sentralisadong pag-aaral sa literasiya-numerasiya, binalangkas ng yunit ang programa para maituloy pa rin ang pag-aaral sa pamamagitan ng isa-isang pagtuturo.

Nagtalaga ang yunit ng mga kasamang tututok sa mga nagaral sa kani-kanilang pormasyon. Ginagawa ito kapag may mga bakanteng oras habang gumagampan ng pangunahing tungkulin. Kaya nagtutuluy-tuloy pa rin ang pag-aaral ng mga Pulang mandirigma.

Katulad sa maraming iba pang larangang gerilya sa buong bansa, pinaplano ng platun ang pagpapalaganap ng literasiya sa hanay ng masang inoorganisa na malaon nang pinagkakaitan ng estado ng karapatan sa edukasyon.

Sa karanasang ito, ipinapakita na hindi lamang sa syensya ng pakikidigma nag-aaral ang mga kasama. Itinataas nila ang kamulatan at kaalaman ng lahat ng Pulang mandirigma upang ibayong makapaglingkod sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan.

RCTU, magsasampa ng kaso

sa Hukumang Bayan

agsasampa ang Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU) sa Southern Mindanao Region (SMR) ng kaso ng pananabotahe sa ka-

buhayan, paglabag sa karapatang-tao at iba pang karumal-dumal na krimen sa Rebolusyonaryong Hukumang Bayan laban sa maneydsment ng Stanfilco-Dole Phils., Franklin Baker Inc., Lapanday Development Corp. (LADECO) at Davao City Water District (DCWD).

Sumusunod ang mga tampok na paglabag sa karapatang-tao ng mga manggagawa sa Southern Mindanao sa loob ng nakalipas na sampung buwan:

Setvembre 2007. Iliqal na sinipa sa trabaho ng Stanfilco-Dole Phils, ang 250 manggagawa nito sa Davao Integrated Transport Facilities, Inc. (DITFI). Ang DIFTI ay subsidyaryo ng Stanfilco na nagtratransporta ng produkto nilang saging at pinya. Pinalitan ang mga manggagawang regular ng mga kontraktwal. Ginamit ng Stanfilco-Dole Phils. ang mga mersenaryong pwersa ng 10th ID at mga elemento ng anti-komunistang National Alliance for Democracy (NAD) para buwagin ang piketlayn ng mga nagpuprotestang manggagawa. Kilala ang Stanfilco-Dole Phils. sa malawakang pagtatanggal ng regular na manggagawa at paghalinhin dito ng mga kontraktwal.

Enero 2008. Tinanggal ang 242 regular na manggagawa ng Franklin Baker Inc., isang korporasyong Amerikano na nagpuproseso ng inieksport na dessicated coconut o pinatuyong laman ng niyog. Ikinontrata sa apat na pabrika sa labas ang gawain ng mga tinanggal. Madugo ang rekord ng Franklin Baker Inc. Noong dekada 1980, dalawang nagwewelgang manggagawa ang namatay nang marahas na buwagin

ang kanilang piketlayn.

MAN TO

Marso 2008. Dahil sa matibay na paninindigan ng unyon laban sa pribatisasyon ng Davao City Water District, tinanggal ang presidente at dalawa pang upisyal nito at sinuspindi ang 38 pang upisyal at myembro ng unyon.

Nitong nakaraang mga buwan, tinanggal din sa trabaho ang mahigit 200 manggagawa ng LADECO, isang kumpanya na nag-eeksport ng saging na pagmamay-ari ng pamilya ng dating Secretary Cito Lorenzo ng Department of Agriculture.

Binati ng RCTU-SMR ang Pulang Bagani Company ng Bagong Hukbong Bayan nang disarmahan nito ang mga pwersang panseguridad ng LADECO noong Mayo 11. Maaalala na noong kalagitnaan ng dekada 1980, limang manggagawa sa plantasyon ng LADECO ang ipinapatay nito sa mga armadong tauhan ng anti-komunistang NAD.

Hinihikayat ng RCTU-NDF-SMR ang lahat ng mga manggagawang biktima, sampu ng kanilang mga pamilya at mga unyon na sumuporta sa hakbanging ito na may layuning kamtin ang tunay na rebolusyonaryong katarungan. Nananawagan ang RCTU-SMR sa lahat ng manggagawa sa rehiyon na patatagin ang hanay, makibaka at biguin ang pananalasa ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

## Kampanya kontra OceanaGold, nagtatagumpay

Sunud-sunod na pagkabigo ang tinamo ng OceanaGold Philippines Inc. sa harap ng matatag at malawak na paglaban ng mga residente, mga aktibistang makakalikasan, taong simbahan, mga patriyotikong pwersa at malawak na mamamayan sa pagmimina nito sa Didipio, Nueva Vizcaya nitong Hunyo.

Malaking bigwas laban sa kumpanya ang halos magkakasabay na desisyong inilabas ng lokal na gubyerno at rehiyunal na korte at pahayag ng mga makabayang kongresista laban sa pagmimina nito.

Noong Hunyo 19, ipinatigil ng rehiyunal na korte ang pagdemolis ng mga kabahayan sa *mining site* habang dinidinig pa ang kanilang mga kaso. Noong Hunyo 25, nagpasa ng makasaysayang resolusyon ang pamahalaang prubinsyal na bumabawi ng kanilang suporta sa OceanaGold. May nakahapag na ring resolusyon sa lokal na pamahalaan na nagbabawal sa anumang open-pit mining sa prubinsya. Bago ito, naglabas ng cease and desist order and pamahalaand prubinsval laban sa OceanaGold dahil sa hindi nito pagbayad ng buwis na nagkakahalagang ₱28 milyon.


Nagmaniobra ang rehimeng Arroyo para baligtarin ng Court of Appeals ang utos ng rehiyunal na korte laban sa OceanaGold. Umani ng batikos ang hakbang na ito ng rehimen lalupa't paulit-ulit nitong binibigyang pahintulot ang OceanaGold na ipagpatuloy ang mga operasyon nito sa kabila ng pagtutol ng mamamayan dito.

Sa Kongreso, naghapag ng resolusyon noong Hunyo 18 si Bayan Muna Rep. Teddy Casiño para imbestigahan ang mga iregularidad at pang-aabuso ng OceanaGold at ng isa pang dayuhang kumpanya sa mina na nag-oopereyt ngayon sa Nueva Vizcaya. Nagsagawa na ang mga kongresista ng paunang im-

bestigasyon noong Hunyo 7-8 sa mga barangay ng Didipio at Kakidugen. Hindi sila natinag kahit pa iligal silang idinetine ng mga bayarang pulis at gwardya habang papunta sila sa *mining site*.

Noong Hunyo 24, napilitan na ang OceanaGold na pansamantalang suspindihin ang kanilang mga operasyon dahil umano sa kakulangan ng pondo. Sinuspinde na rin nito ang mga kaugnay na kontratang pangkonstruksyon sa lugar.

Napilitang umatras ang OceanaGold sa harap ng tatlong magkakasunod na buwan nang dumadausdos ang halaga ng mga sapi ng kumpanya sa pandaigdigang pamilihan matapos maisapubliko na lubha nang naantala ang proyekto nito sa Didipio. Umaabot na sa US\$117 milyon ang naibubuhos ng



kumpanya para sa mga paunang eksplorasyon at pag-areglo sa mga kaukulang permit. Hinihigop ng mga operasyon nito sa Didipio ang kapital mula sa mga operasyong mina nito sa ibang bahagi ng mundo. Batay sa taunang ulat nito, umabot sa US\$24.43 milyon ang nalugi rito noong 2006 (kung kailan nagsimula ang operasyon nito sa Didipio) at lumaki pa tungong US\$69.04 milyon noong 2007.

Habang lumalawak at lumalaganap ang protesta laban dito sa lokal, rehiyunal at pambansang antas, tumitimo sa mga namumuhunan dito na hindi sustenable at hahantong lamang sa pagiging pagkabangkarote ang proyekto.

Panloloko at pandarahas. Ilang dekada nang tinatangka ng mga dayuhang mamumuhunan na makuha at mapakinabangan ang mayayamang deposito ng tanso at nickel sa Didipio. Noong 1994, sinimulan ng Climax-Arimco Mining Company (CAMC) and pagtuklas ng mga deposito sa ilalim ng lupa ng barangay. Iginawad ng noo'y rehimeng Ramos sa CAMC ang karapatang hukayin ang 765-ektaryang lupain sa Didipio at tuklasin ang iba pang deposito sa 15,000 ektaryang lupa na sumasakop sa 15 barangay sa paligid ng Didipio.

Ilang beses nang pinalitan ng CAMC ang pangalan nito sa tang-kang lokohin ang mga residente at takasan ang mga kaso at petisyong nakahapag laban sa kumpanya.

Noong 2004, itinatag ng CAMC ang Australasian Philippines Mining Inc. (APMI) at inilipat dito ang karapatan sa pagmimina sa Didipio. Pero hindi pa rin nasimulan ang pagmimina sa lugar dahil bigo ang APMI na makuha ang pagsangayon sa proyekto ng mga lokal na konseho na rekisito noon sa anumang operasyong pagmimina sa bansa.

Nakuha ng OceanaGold noong 2006 mula sa CAMC ang karapatan sa pagmimina sa Didipio. Noong taon ding iyon, nakakuha ang OceanaGold ng A\$170 milyon (₱7.3 bilyon sa palitang A\$1=₱42) para maipagpatuloy ang proyekto. Binago ang pangalan ng APMI tungong OceanaGold Philippines Inc. noong 2007.

Suportado ng mas malaking pondo, sinimulan ng OceanaGold ang mas agresibo at madugong paqtutulak sa proyekto katuwang ang rehimeng Arroyo, ng militar at iba't ibang ahensya ng gubyerno. Noong Agosto 2006, nagpadala ang rehimen ng mga sundalo mula sa 5th ID at regional mobile force ng PNP upang magsagawa ng "road clearing operations" sa pagitan ng Barangay Tubod at Barangay Didipio. Ito ay kahit nakahapag pa sa mga korte ang mga reklamo at kaso ng mga residente laban sa kumpanya.

Noong Marso 2008, isang residente ang binaril ng mga gwardya ng OceanaGold habang dinedepensahan niya ang isang kapitbahay laban sa *demolition team* ng kumpanya. Naglunsad rin ang kumpanya ng kampanya para takutin at gipitin ang mga lokal na upisyal at residenteng matatag na lumalaban sa kanila. Bahagi nito ang iligal na pagdetine at pananakit ng mga upisyal ng PNP sa isang konsehal ng barangay.

Lalo lamang tumindi ang paglaban ng mga residente ng Didipio at ng Nueva Vizcaya sa pangkalahatan. Makailang beses nilang matagumpay na napalayas ang mga kontraktor at tim ng kumpanya. Bumuhos ang suporta mula sa sektor ng simbahan, mga organisasyong nagtatanggol ng karapatang-tao, internasyunal na organisasyong kontra-mina, mga kongresista at iba pa.

# Lumalawak ang mga grupong tumututol sa pagmimina

Dumarami ang mga grupong tumututol sa malawakan at komersyal na pagmimina habang nag-aagawan ang malalaking dayuhang kumpanyang ineengganyo ng rehimeng US-Arroyo na makapagmina sa bansa. Umiigting ang mga pagtutol sa harap ng malaking pinsala sa buhay, ariarian at kabuhayan ng mamamayan bunga ng mga pinsalang dulot ng mga komersyal na minahan sa mga gubat.

Noong Hunyo 23 ay nagpalabas ng pinagsanib na resolusyon ang mga aktibistang dayuhan at lokal na nagpahayag ng pagtutol sa offshore mining (pagmimina ng langis sa karagatan) sa bansa at nanawagan sa qubyernong Arroyo na tigilan ang imperyalistang mga aktibidad na naqdudulot ng pagkawasak ng kalikasan. Pumirma rito ang 339 na mga aktibistang progresibo at maka-kalikasan mula sa 26 na bansa. Ang pagpirma ng resolusyon ay itinaon sa Ikatlong Internasyunal na Asembliya ng International League of Peoples' Struggle (ILPS) na ginanap sa Hong Kong nitong Hunyo 18.

Sa partikular, tinututulan ng grupo ang \$110-milyong eksplorasyon ng gas at langis ng ExxonMobil sa Sulu Sea, offshore mining ng Japan sa Cebu-Bohol Strait at iba pang eksplorasyon ng langis sa Ragay Gulf sa Bicol; sa mga prubinsya ng Guimaras at Antique sa Western Visayas; Leyte; Davao del Sur; Surigao del Sur; at Quezon at Mindoro sa Southern Tagalog.

Sa Oktubre ay magpapadala ang grupo ng isang fact-finding mission para imbestigahan ang epekto ng offshore mining ng Japan Petroleum Exploration Corp. (JAPEX) sa Tañon Strait sa pagitan ng Cebu at Negros. Pangungunahan ito ng Pilipinas, Japan, Australia at Malaysia.

Kasabay nito ay naqpa-

hayaq din nq paqtutol ang Suara Bangsamoro sa balak na eksplorasyon ng langis ng Exxon Mobil Corporation ng US sa Sulu Sea. Dismayado sila at nabahala nang malaman na biniqyan na ng pahintulot qubyernong Arroyo ExxonMobil na makapagmina rito. Ibinunyaq nq qrupo na anq eksplorasyon ng langis sa Sulu ay patunay na matagal nang naghahanap ng mga deposito ng langis ang US sa Mindanao at ginagamit na pantabing dito ang paglulunsad ng pagsasanay-militar at kunwa'y humanitarian missions.

Idinidiin din ng grupo na mariin nilang tinututulan ang eksplorasyon dahil hindi lamang kalikasan ang mawawasak kundi ang kabuhayan ng mga tao sa lugar, na karamihan ay mangingisda.

Noon pang Abril 2008 ay naglunsad na ng aksyong protesta ang mga mangingisda sa Tañon Strait laban sa ekplorasyon ng langis ng

JAPEX. Nagreklamo ang mga mangingisda sa bayan ng Aloquinsan, Cebu na nabawasan ang kanilang nakukuhang isda nang magsimula ang proyekto ng JA-PEX noong May 2005. Mula sa sampung kilong huling isda bawat araw, ngayon ay tatlong kilo na lamang o mababa pa ang nakukuha nila. Tinutuligsa nila ang gubyernong Arroyo sa pagbibigay nito ng pahintulot na magmina sa isang lugar na protektadong deklaradong erya. ΑB

# Ikatlong asembliya ng ILPS, idinaos

atagumpay na inilunsad ang Ikatlong Internasyunal na Asembliya ng International League of Peoples' Struggle (ILPS) sa Hong Kong noong Hunyo 18-20, 2008.

Dumalo rito ang 265 delegado na kumakatawan sa 165 organisasyong mula sa 30 bansa. Ang pagtitipon ay may temang "Pag-ibayuhin ang pakikibaka ng mga mamamayan, magkaisa para itatag ang bagong mundo laban sa imperyalistang agresyon, terorismo ng estado, pandarambong at pagwasak ng lipunan."

Ginunita, pinarangalan at pinasalamatan ng ILPS ang yumaong lider-manggagawang Pilipino na si Crispin "Ka Bel" Beltran, na nagsilbing punong tagapagtatag ng International Coordinating Committee (ICC) at tagapangulong pandangal ng ILPS. Tinukoy ang kanyang ambag sa kilusang paggawa, pakikibaka para sa pambansa at panlipunang kalayaan at pagtatatag ng ILPS.

Sa kanyang ulat, tinukoy ni Prof. Jose Ma. Sison, nagdaan at bagong hirang na pinuno ng ICC ng ILPS, ang mga tinamong tagumpay ng pormasyon mula nang ito'y itatag, ang mga naging kahinaan nito at ang mga hamon at kagyat na tungkulin nito.


Bilang isang militanteng antiimpervalista at demokratikong pormasyon na tumatalakay sa malalawak na isyu ng mamamayan sa mundo, naging aktibo ang ILPS sa mga pakikibaka ng mga mamamayan sa Asia, Africa at Latin America. Pumusisyon ito at nanawagan ng pagpapaigting ng pakikibaka ng mamamayan laban sa mga imperyalistang patakaran ng globalisasyon at pandaigdigang teroristang gera. Ipinahayaq nito ang paninindigan ng mamamayan sa krisis ng pandaigdigang kapital, pandarambong sa kalikasan, pananatili ng tropang Amerikano sa Irag at Afghanistan at pananakop nito sa Palestine, pagsasamantala pang-aapi sa mamamayan ng mundo. Nilalabanan nito ang iba't

ibang anyo ng diskriminasyon, at mga imperyalistang patakaran ng mga bansa laban sa mga manggagawa, migrante at kabataan.

Sa pamamagitan ng videoconference, tinalakay ni Professor Sison mula sa The Netherlands, ang lumalalang pandaigdigang krisis ng kapitalistang sistema at ang papatinding pagsasamantala sa mga mamamayan. Tinukoy niya ang malawakang disempleyo, pagbagsak ng sahod, nagtataasang presyo ng batayang pangangailangan, malawakang kagutuman, malnutrisyon at mabilis na pagsahol ng mga serbisyong panlipunan. Ibinubunsod ng lahat ng ito ang tumitinding pagtutol at pakikibaka ng mamamayan. Kasabay nito, binatikos niya ang labis na pagsangkalan ng impervalistang US sa pang-aatake sa US noong Setyember 11, 2001 sa paglulunsad nito ng pandaigdigang gera kontra-terorismo.

Biniqyanq-pansin ni Professor Sison ang armadong rebolusyonaryong pakikibaka sa Irag, Afghanistan, Colombia, Peru, Brazil, Nigeria, Pilipinas, Turkey, India at iba pang bansa sa South Asia. Nanawagan si Professor Sison na higit kailanman, dapat nang magtayo ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga bansang wala pa nito, at palawakin ang mga ito sa mga bansang mayroon na. Daqdaq pa niya, sa pamamagitan lamang ng ganitong pagsisikap mababawi at makababangon mula sa panandaliang pagkabigo ang proletaryong rebolusyon at kilusang anti-imperyalista sa daigdig.

Sa pagwawakas ng pagtitipon, nagkaisa ang ILPS na paghusayin ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa milyun-milyong mamamayan at pag-ibayuhin ang pakikibaka ng mga mamamayan upang makamit ang lipunang malaya, maunlad at may katarungang panlipunan at umiral ang pandaigdigang kapayapaan.



## Kapatid ni Ka Parago, pinaslang; daan-daan lumikas sa Eastern Samar

Talang patid ang karahasang militar. Daan-daang magsasaka ang napilitang lumikas mula sa kanilang mga baryo sa Eastern Samar dahil sa matinding militarisasyon. Pinaslang ng mga sundalo ang sibilyang kapatid ng isang kumander ng BHB. Isang Pulang mandirigma ang dinukot sa Negros Oriental. Sa Surigao City, anim na manggagawa ang basta na lamang hinaras, inaresto at pinagbubugbog ng militar. Ilan lamang ito sa pinakahuling naiulat na mga paglabag sa karapatang-tao na nakalap ng Ang Bayan.

Hulyo 5. Dinukot ng mga militar and magkapatid na Rose Ann, 21 at Fatima Gumanoy, 17, ayon sa ulat ng Karapatan. Anak sila ng pinaslang ng militar na si Eddie Gumanoy, pinuno ng Kasama-Timog Katagalugan. Nasugatan noong Abril si Rose Ann nang pagbabarilin ng militar ang bahay ng pamilyang kanyang dinadalaw sa General Nakar, Quezon. Sinampahan siya ng kasong rebelyon ng militar pero napawalan matapos magpyansa. Ayon sa ina niyang si Maria, nakatakda silang magkitang mag-anak sa Alabang pero hindi na sumipot ang magkapatid. Sa pinakahuli nilang mensaheng text sa kanilang ina, sinabi nilang sinundan sila, dinampot at dinala sa Camp Aguinaldo. Maraming natatanggap na pagbabanta si Rose Ann mula nang mapalaya siya, anang kanyang ina. Pinalalabas ngayon ng militar na kusang-loob na sumuko si Rose Ann sa militar. Hindi pa rin siya pinahihintulutang makatanggap ng da-

Hunyo 23. Humiqit-kumulanq 800 indibidwal ang lumikas patupoblasyon nq General MacArthur, Eastern Samar dahil sa mga pang-aabusong militar sa kanilang lugar sa kabundukan. Ang mqa biktima ay pawang mga residente ng anim na barangay ng General MacArthur—Roxas, Alangalang, San Isidro, Osmeña, Tandang Sora at Pinggan.

ang mga pang-aabuso sa kanila ng militar. Isang biktimang lalaki ang hinuli nang madaling araw ng militar, isinailalalim sa matinding interogasyon at gabi na nang pakawalan. Dalawang batang nagtitinda ng saging ang sinita ng militar at si- ang binugbog ng mga sundalo. Pinuntok sa tiyan.

**Hunyo 13.** Binaril at pinatay ng mga elemento ng 10th ID si Danilo Surigao City. Pitao, kapatid ni Leoncio "Ka Paraqo" Pitao na kumander ng BHB. Ayon sa pahayag ng Merardo Arce Command (MAC) ng BHB, ang pagpaslang ay isang desperadong hakbang ng pasistang hukbo ng reaksyunaryong rehimeng Arroyo. Si Danilo Pitao, 42, ay isang sibilyan at Olympus Pacific Minerals, Inc. sa nagtatrabaho sa kapitolyo ng prubinsya ng Davao del Norte. Ayon sa MAC, tukoy na nito ang mga sangkot at utak sa pagpatay at nangako itong bibigyan ng hustisya si Pitao at iba pang biktima ng mga pangaabuso sa karapatang-tao.

Pauwi si Danilo Pitao sa kanyang bahay sa Tagum City sakay ng traysikel nang barilin siya ng mga nakamotorsiklong operatiba ng militar.

**Hunyo 12.** Dinukot ng mga elemento ng 79th IB sa Sityo Kabalanusan, Barangay Dobdob, Valencia,

nong" Alfante, 46, isang Pulang mandirigma. Ayon sa mga saksi, maq-isa at walang armas si Ka Manong nang dukutin siya ng mga militar. Nasa Barangay Dobdob si Ka Manong upang tumulong sa mga magsasaka hinggil sa ilang suliranin sa pagsasaka.

Mayo 14. Anim na manggagawa ng Surigao Water District (SWD) ang Ayon sa mga biktima, talamak arbitraryong inaresto ng mga elemento ng 402nd Division Reconnaissance Coy ng AFP. Kinumpiska ng militar ang kanilang tatlong radyong VHF at apat na itak. Sapilitan silang ginawang giya sa mga operasyong militar. Ilang manggagawa nilay ng aksyong ito ng militar ang serbisyo ng SWD sa mamamayan ng

> Mayo hanggang sa kasalukuyan. Hinaharas ng mga elemento ng 503rd Infantry Battalion Reconnaissance Coy at ng 502nd Composite Coy and mga minoryand Binongan sa Baay-Licuan, Abra dahil sa paqtutol nila sa pagmimina ng kanilang lupang ninuno. Awtomatikong pinararatangang mga kasapi ng PKP-BHB-NDF ang mga lider ng Baay-Licuan Takderan Omnu a Karbengan (Balitok) at mga istap ng Cordillera Peoples' Alliance (CPA) sa Abra (Kastan) na tumutulong sa mga Binongan sa kanilang laban.

Tatlong bahay sa Barangay Poblacion ang pinagkampuhan ng militar. Kasabay ng panghaharas ang surbeylans sa baryo. Kinunan ng mga sundalo ng bidyo ang mga pulong ng taumbaryo noong Mayo 29. Kinaumagahan, inumpisahan ng mi-Negros Oriental si Calixto "Ka Ma- litar ang pagsesensus sa barangay habang kinukunan pa rin ng bidyo ang mga taumbaryo. Nagsensus ang militar sa Barangay Lenneng at Caoayan. Mula Hunyo 1 ay nagpaskil ang militar ng listahan ng sinasabi nitong mga teroristang prente kung saan kabilang ang CPA.

**Abril 10.** Pinaslang ng mga elemento ng 30th IB si Jelson Pikato, isang magsasaka sa Bagacay, Claver, Surigao del Norte.

#### Kaso ng mga mamamahayag laban sa pulisya, ibinasura ng korte

Malaking dagok sa kalayaan sa pamamahayag. Ito ang reaksyon ng 36 na mamamahayag at apat na organisasyon ng masmidya na nagsampa ng kaso laban sa pulisya at mga upisyal ng gubyernong Arroyo na nag-utos na arestuhin ang mga reporter na nagkokober sa pag-aklas laban sa rehimeng Arroyo ng isang grupo ng militar sa pamumuno nina Sen. Antonio Trillanes IV at Brig. Gen. Danilo Lim noong 2007. Ani Atty. Harry Roque, abugado ng mga mamamahayag, parang lokal na bersyon ng batas militar ang nais ipairal ng pagbasura sa kaso ni Judge Reynaldo Laigo ng Makati Regional Trial Court Branch 56. Aniya, lumalabas dito na ang pulisya ang may tanging karapatang magpasya kung ano ang maaaring ikober at hindi ng mga mamamahayag. Niyuyurakan nito di lamang ang karapatan ng mga mamamahayag kundi ang karapatan ng mamamayan na magkaroon ng impormasyon, ayon naman kay Ellen Tordesillas, kolumnista ng *Malaya*.

Gayunman ay hindi pa rin natitinag ang mga tagamasmidya. Balak nilang mag-apela hanggang sa Korte Suprema kung kinakailangan at magsampa ng kaso sa UN International Committee for the Protection of Human Rights dahil isa ang Pilipinas sa mga pumirma sa International Covenant on Civil and Political Rights. Dahil dito, ani Roque, obligasyon ng gubyernong Arroyo na igalang ang karapatang-tao at kalayaan sa pamamahayag.

Nagbabala rin si Roque sa pulisya na huwag isangkalan ang desisyon ng korte para arbitraryong mang-aresto ng mga mamamahayag. Aniya, magsasampa rin sila ng kontra-demandang coercion at serious illegal detention kapag gayon ang nangyari.

Matatandaang inaresto ang mga mamamahayag sa Manila Peninsula Hotel matapos ang pag-aaklas, dahil sumuway umano ang mga taga-masmidya sa utos sa kanila na lisanin na ang hotel. Inakusahan din ng pulisya na kakutsaba ng mga nag-aklas na militar ang mga mamamahayag.

Kinatigan din ng korte ang kautusan ni Justice Secretary Raul Gonzalez na hulihin at sampahan ng kaso ang sinumang mamamayahag na tututol sa mga atas sa gayong mga sitwasyon.

Samantala, tuluy-tuloy ang karahasan laban sa mga myembro ng midya. Noong Hunyo 31, pinatay ng mga di nakilalang lalaki si Fausto Sison, 60, isang brodkaster at manunulat sa dyaryo sa Sariaya, Quezon. Sugatan naman ang anak niyang si Liwayway, isa ring brodkaster.



## Magkakasabay na kilos-protesta sa Mindanao

UMABOT sa 100,000 mamamayan ang dumagsa sa lansangan noong Hunyo 28 sa iba't ibang bahagi ng Mindanao para manawagan na ipagpatuloy na ang naantalang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

Ang mga pagkilos na pinangunahan ng militanteng Suara Bangsamoro ay dinaluhan kapwa ng mga Muslim at Kristyano at inilunsad sa mga syudad ng Cotabato, Marawi, Iligan at General Santos; sa Pikit, North Cotabato; at sa Basilan.

Bukod sa usapang pangkapayapaan, nanawagan din ang militanteng grupo na itigil na ang mga operasyong militar sa iba't ibang dako ng Mindanao.

Mula noong unang linggo ng Hunyo ay sampu na ang naitatalang mga sagupaan sa pagitan ng MILF at militar sa rehiyon. Marami nang sibilyan ang nadamay at malaking bilang na ang napilitang magsilikas sa kanilang mga tahanan

Naudlot ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng MILF-GRP nang igiit ng rehimeng Arroyo na dapat sumang-ayon sa konstitusyon ng Pilipinas ang mga napagkasunduan na ng magkabilang panig sa loob ng mahigit tatlong taong usapan.

Malaking bahagi rito ang usapin ng teritoryo na dapat ay nasa pangangasiwa ng mga Moro. Ikinagalit ito ng mga negosyador ng MILF.

Maaalalang noong Mayo 12, bilang protesta sa di pag-usad ng usapang pangkapayapaan ay pinauwi ng gubyerno ng Malaysia ang 28 sa 41 sundalo at upisyal ng pulisya nito na kabilang sa International Monitoring Team. Nakatalaga sila sa iba't ibang lugar sa Mindanao upang subaybayan ang tigil-putukang pinagkasunduan ng MILF at GRP.



#### Halos 80% ng presyo ng langis, tubo ng mga kumpanya ng langis

ISANG pag-aaral hinggil sa monopolyong pagpepresyo ng langis ang nagpapatunay sa walang kabusugang kasakiman ng pandaigdigang kartel sa langis sa kapinsalaan ng karaniwang mamamayan.

Ayon sa Ibon Foundation, isang institusyon sa pananaliksik, hanggang 79% ng presyo ng langis ay bumubuo sa supertubo ng mga dambuhalang kumpanya sa langis nitong Sa inilabas nitong pag-aaral, tinatayang ang tunay na halaga ng isang bariles ng krudong langis ay \$31-\$32 lamang. Kwentado na sa halagang ito ang gastos sa eksplorasyon, produksyon at bayad sa Organization of Petroleum Exporting Countries (OPEC). Samakatwid, sa bentahang \$146 sa pandaigdigang pamilihan, tumatabo ang mga dambuhalang kumpanya nang hanggang \$115 bawat bariles ng krudong langis.

Sa lokal na pamilihan, tinatayang 47-54% ng presyo ng mga produktong petrolyo noong Hunyo 14 ay pawang tubo na ng mga kumpanya sa langis: P26-31 sa bawat isang litro ng *unleaded gasoline*, at P23-27 sa bawat litro ng *diesel*.

#### Tauhan ng Bureau of Customs, tumabo ng ₱500M

NABUNYAG nitong Hulyo ang pagdaya ng mga upisyal at tauhan ng Bureau of Customs sa nakolekta nilang buwis para makamal nila ang pabuyang ibinibigay ng gubyerno kapag nakakamit o nalalampasan ang target na koleksyon. Ang gayong sistema ay nakasaad sa Lateral Attrition Law, na isinabatas umano para mahikayat ang mahusay na pagkolekta ng buwis.

Ang mga pabuya ay paraan din umano para madagdagan ang kita ng mga taga-Customs at mabawasan ang korapsyon.

Kabaligtaran ngayon nito ang nangyayari dahil naging dagdag na paraan pa ang batas para ibayong kumalat ang korapsyon sa kawanihan.

Ayon sa imbestigasyon ng Senado, noong 2006 pa lamang ay pinabayaran na ng mga upisyal ng Bureau of Customs ang mga kumpanya sa langis ng kanilang buwis na P2.2 bilyon para sa 2007 para magmukhang nalampasan ng kawanihan ng gayong halaga ang kanilang target na koleksyon na P196 bilyon para sa 2006. Dahil dito ay nakatanggap sila ng pabuyang P537 milyon.

Umabot sa ₱402 milyon dito ang perang ipinamudmod sa mga empleyado ng kawanihan at ₱135.75 ang non-cash benefits. Ang halagang napunta kay Customs Commissioner Napoleon Morales ay ₱5,293,206.13 samantalang ang mga drayber at gwardya ay nakatanggap ng ₱22,874.96.

#### 5 milyong drayber ng trak sa India, naglunsad ng tigil-pasada

LIMANG milyong drayber ng trak sa India ang naglunsad ng walang taning na tigil-pasada na sinimulan noong Hulyo 2. Ang malawakang welga na pinamunuan ng All India Motor Transport Congress ay inilunsad bilang protesta sa tuluy-tuloy na pagtataas ng presyo ng langis, pagluwag ng gubyerno ng kontrol sa presyo ng langis at papalaking buwis na ipinapataw sa langis.

Kasabay nito, daan-daan din ang nagrali sa Madras, timog na syudad ng India.

Noon pa mang nakaraang taon ay binawasan na ng gubyerno ng

India ang subsidyo sa langis na nagresulta sa pagtaas ng presyo ng gasolina nang 10%. Dahil dito, umabot sa 40% ang itinaas ng presyo ng *diesel* at gasolina pagpasok ng 2008.

Isang buwan bago ito, naglunsad rin ng mga protesta sa mga estado sa West Bengal at Kerala. Pinamunuan ang mga ito ng Communist Party of India (Marxist), isa sa mga pangunahing alyado ng sentral na gubyerno.

Samantala, daan-daan ding mga drayber ng trak sa United Kingdom ang nagparada ng kanilang mga sasakyan sa kalsada tungong parlamento bilang protesta sa pinakahuling pagtaas ng presyo ng langis noong Hulyo 2.

Iginigiit nila ang pagbabawas ng buwis sa langis. Nangangamba ang mga drayber na mawawalan sila ng trabaho bunga ng pagkabangkrap ng mga kumpanyang hindi na makayanan ang mataas na presyo ng mga produktong petrolyo.

Sa ngayon, ang presyo ng *diesel* sa United Kingdom ay \$10 bawat litro at kalahati nito (\$5) ay buwis na kinukulekta ng gubyerno.



## Prime minister ng Nepal, nagbitiw na sa pwesto

BUMABA na sa pwesto si Girija Prasad Koirala bilang *prime minister* ng Nepal noong Hunyo 26. Ito ay matapos magbitiw ang mga ministro mula sa Communist Party of Nepal-Maoist (CPN-M) bilang pagtutol sa pananatili niya sa poder.

Ayon sa mga komunista, hindi na nababagay si Koirala na maging *prime minister* dahil malayong pumapangalawa lamang sa CPN-M ang kanyang partido. Dagdag dito, hindi niya maayos na nagagampanan ang kanyang tungkulin. Nais ng CPN-M na ihalal ng *constituent assembly* ang bagong presidente at *prime minister* ng bansa. Nakuha ng mga Maoista ang mayorya ng binuong *constituent assembly*.

Ang pangyayaring ito ay pinakahuli lamang sa malalalim na pampulitikang pagbabago sa Nepal. Noong Mayo, pormal nang itinakwil ang daan-taong paghahari ng monarkiya sa bansa.

## Lumalaking kaswalti ng US at mga alyado nito sa Afghanistan

MAS marami nang tropa ng US at NATO ang namamatay sa Afghanistan kaysa sa Iraq nitong dalawang magkasunod na buwan.

Umaabot sa 40 dayuhang tropa, kabilang ang 27 sundalong Amerikano, ang namatay nitong Hunyo sa bansa bunga ng mga pagsalakay ng lokal na mga armadong gerilya. Ito ang ikalawang buwan na mas malaki ang bilang ng kaswalti ng mga sundalo ng US sa Afghanistan kumpara sa Iraq.

Noong huling linggo ng Hunyo, inambus ng mga milisyang Taliban ang isang komboy kung saan nadurog ang isang Humvee at namatay ang tatlong sundalong Amerikano at isang *interpreter* na Afghan.

Noong Hunyo rin, nireyd ng mga milisya ang isang kulungan sa Kandahar kung saan pinakawalan nila ang 886 preso kabilang ang mga suspetsadong Taliban. Ang Taliban ang pangunahing pwersang gerilya na lumalaban sa pananakop ng US sa Afghanistan.

#### Tanggalan sa trabaho sa US, dumarami

DUMARAMI ang mga kumpanyang nag-aanunsyo ng tanggalan sa trabaho sa US. Pinakahuling nag-anunsyo ang Starbucks, sikat na restoran ng kape, kung saan 12,000 empleyado ang tatanggalin at 600 restoran ang isasara sa buong US. Inianunsyo rin ng Chrysler, isang malaking kumpanya na gumagawa ng kotse, na magtatanggal ito ng 2,400 empleyado. Tinatayang umabot na sa 9.7% ang nawalan ng trabaho ngayong taon sa US. Kabilang na sa mga kumpanyang nagkaroon ng maramihang tanggalan yaong mga nasa konstruksyon, negosyo sa bahay at lupa, pinanysa, industriya ng sasakyan at manupaktura. Hindi na lamang mga karaniwang empleyado ang natatanggal kundi pati mga nasa maneydsment.

Sinasabi ng ilang ekonomista sa US na sa halip na klasikong resesyon ang makikita kung saan dalawa hanggang tatlong kwarto ng pagkalugi ang pagbabatayan ng resesyon, ang mararamdaman ng ekonomya ng US ay hanggang dalawang taong walang paglago kasabay ng pagtumal ng merkado. Sa gayon, mas malala ang disempleyo at ang paghihirap ng mamamayan. Kasabay pa nito ang mabilis na pagsirit ng presyo ng mga bilihin.

Anim na buwan nang tuluy-tuloy ang tanggalan ng mga empleyado sa mga kumpanya sa US. Tinatayang umabot na sa 440,000 ang nawalan ng trabaho mula noong Enero. Bukod rito, nagbawas ng mga sweldo at oras sa pagtatrabaho ang mga kumpanyang hirap umahon sa matumal na kalakalan.

#### Cuba, nakagawa ng bakuna sa lung cancer

INILABAS na ng Cuba ang isang bakuna para sa kanser sa baga (lung cancer vaccine). Ito ang kauna-unahang bakuna na nalikha para sa kanser. Nag-umpisa ang pagsubok sa tao noong 1995 at pinayagan nang ibigay ang bakuna sa mga maysakit, ayon sa Havana Molecular Immunological Center, ang lumikha ng bakuna. Nasubukan na rin ito sa mga ospital sa India, Singapore, Britain, Canada at anim pang bansa.

Ang bakuna ay walang mga kasabay na masasamang epekto at maaring isabay sa mga dati nang remedyo sa kanser gaya ng *chemotherapy*. Malaki rin ang naitutulong nito sa pagbawas sa matinding kirot na dulot ng kanser. Tinatayang pahahabain ang buhay ng may sakit nang anim na buwan. Ang bakuna ay ibebenta rin ng Cuba sa Latin America.



Taon XXXIX Blg. 13 Hulyo 7, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Gloria Arroyo—tuta na, manhid pa

asuka-suka at kasuklam-suklam ang ipinakitang sukdulang pagpapakatuta ni Gloria Arroyo sa kanyang imperyalistang amo nang bumisita siya sa US nitong huling linggo ng Hunyo. Sa kasagsagan ng pananalasa ng bagyong "Frank" sa Pilipinas, nilustay ni Arroyo ang kabang-yaman ng bayan sa walang kapararakan, magastos at magarbong pagbyahe. Malawakang galit at kaliwa't kanang batikos ang

inudyok ng labis niyang pagwawalambahala sa kapakanan ng nagdurusang mamamayang Pilipino.

Sinikap pigain ni Arroyo ang anumang makakatas
pa mula sa pakikipagkita niya sa kanyang among si
George W. Bush na tulad niya'y nasa dapithapon na ang
kapangyarihan. Nag-abuloy ang
kanyang amo ng kakarampot na
\$100,000 at ipinadala ang nukleyar
na barko-de-gerang USS Ronald
Reagan bilang tulong umano ng
US sa mga biktima ng bagyong
"Frank" at paglubog ng pampasaherong barkong MV Princess of the
Stars.

Ngunit ang higit pang pinuntirya ni Arroyo sa pagpunta sa US ay ang maagang paglalangis sa dalawang pangunahing kandidato sa eleksyong presidensyal doon ngayong taon—sina John McCain ng Republican Party ni Bush at Barack Obama ng oposisyong Democratic Party. Sa pilit na paghahabol na mapaunlakan siya ng mga ito, animo'y langaw si Arroyo na sunod nang sunod kung saan may naaamoy na pagkain. Samantala, sige naman ang iwas ng dalawang kandidato sa kanya. Bandang huli ay pinaunlakan na lamang siya ng sulat at maigsing tawag sa telepono ni Obama at saglit na pakikipagkita ni McCain.

Sa Nobyembre pa ang eleksyong presidensyal sa US, pero ngayon pa lamang ay humihimod na si Ar-



Mga tampok sa isyung ito...

17 armas nasamsam ng BHB sa mga reyd PAHINA 5

Kampanyang literasiya sa gitna ng digmaan PAHINA 7 Ikatlong asembliya ng ILPS, idinaos

PAHINA 11

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*